# LEARNING ACTIVITY SHEET
## Baitang 10 – FILIPINO

Pangalan:________________________ Petsa:__________ Marka:_____________

### LAS # 3 - EPIKO / MAIKLING KUWENTO

**Panuto**: Basahin at unawain ang teksto. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

1. "Madaling matameme ang isipan dahilan upang igapos ng tanikalang bakal ang mga kamay ko at pilit pinaaamin sa salang di ko naman ginawa - ang pagdodroga." Alin sa sumusunod ang kahulugan ng salitang matameme?
   A. nagtaka B. nagtago C. naitapon D. nanahimik
2. Sadyang naiwaksi ang lahat ng takot sa isipan. Alin sa sumusunod ang kahulugan ng salitang naiwaksi?
   A. nagtaka B. nagtago C. naitapon D. nanahimik
3. Tila nagkubli ang kabog ng dibdib sa pangyayari. Alin sa sumusunod ang kahulugan ng salitang nagkubli?
   A. nagtaka B. nagtago C. naitapon D. nanahimik
4. Alin sa sumusunod na damdamin ang tinutukoy ng pahayag na "Ano ang mapapala ko sa pagmamalasakit sa pagdaramdam ng mamamayan?"
   A. pagdaramdam C. pag-aalala
   B. pagkawalang-bahala D. pagkainis
5. Alin sa sumusunod na damdamin ang tinutukoy ng pahayag na "Mahina ang tibok ng puso at ang pulso'y mahinang mahina na, ano ang ating gagawin?"
   A. pagdaramdam C. pag-aalala
   B. pagkawalang-bahala D. pagkainis
6. Alin ang angkop na damdamin sa winika ni Tandang Selo na "Pasensya ka na. Ipagpalagay mong lumaki na ang buwaya"?
   A. mayroong poot C. mayroong pangamba
   B. nagbibigay ng payo D. matigas ang kalooban
7. "Ako'y bumabayad sa abogado. Kung mananalo ako sa asunto ay alam ko na ang aking gagawin upang siya ay mapabalik; ngunit kung ako'y matalo, di ko na kailangang ng anak." Alin ang angkop na damdamin para sa kaugnayan ng pahayag at awitin?
   A. mayroong poot C. mayroong pangamba
   B. nagbibigay ng payo D. matigas ang kalooban
8. Mataas na emosyon ang lumabas kay Kabesang Tales nang sambitin niya ang pahayag na "ngipin sa ngipin, mata sa mata at apoy sa apoy, ang dapat na maging labanan!" Alin ang mas angkop na damdamin para dito?
   A. mayroong poot C. mayroong pangamba
   B. nagbibigay ng payo D. matigas ang kalooban

**Ikatlong Markahan Linggo** 4
**Target na Kasanayan:** Naihahanay ang mga salita batay sa kaugnayan ng mga ito sa isa't isa (F10PT-IIId-e-79), Nabibigyang-puna ang napanood na teaser o trailer ng pelikula na may paksang katulad ng binasang akda (F10PD-IIId-e-77), Nasusuri nang pasulat ang damdaming nakapaloob sa akdang binasa at ng alinmang social media (F10PU-IIId-e-81), Nabibigyang-kahulugan ang damdaming nangingibabaw sa akda (F10WG-IIId-e-74).
**Tala ng Guro:**

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

9. *"Ibigin mo mang umawit, hindi mo makuhang gawin, sigaw ng puso't damdamin wala sa'yong pumapansin,"* sa awiting Bulag. Pipi, at Bingi. Alin sa sumusunod ang tinutukoy na nararamdaman ng posibleng tauhan?
   A. Minamarkahan siya ng liban sa klase.
   B. Hindi nakasagot sa itinanong ng guro.
   C. Pinagbibintangan siyang nagtuturo.
   D. Inaglahi ang kaniyang pagkatao
10. Ang palabas na "Ang Probinsyano" ay isang telenobela na ang panahon sa pag-eere sa telebisyon ay mahaba. Alin sa sumusunod na katangian ng kuwento at ng palabas sa telebisyon ang maiuugnay sa parehas na tuon – ang lalaki?
    A. Tumatalakay sa isyung panlipunan.
    B. Binibigyang halaga ang kalakasan ng isang lalaki sa lipunan.
    C. Tinatalakay ang kuryosidad na ang lalaki ang malakas kumpara sa babae.
    D. Pagwasak sa isipang interpretasyong ang lalaki ang mataas at dominante.
11. "*Kung walang kikilos, sinong kikilos? Kung di ngayon, kailan pa?*" Ito ay linya ni Vilma Santos sa pagganap na **Sister Stella L** sa isang pelikula. Alin sa sumusunod ang ipinahihiwatig ng linyang ito?
    A. Walang maaasahan sa kanilang bahay o pamilya.
    B. Mayroong nagaganap kaguluhan sa panahon ng karakter ni Vilma.
    C. Nagnanais ang karakter ni Vilma na umpisahan ang isang pagkilos na magreresulta ng kanilang katagumpayan.
    D. Inuumpisahan ng karakter ni Vilma ang pagkilos upang ang kaniyang mga kasamang walang lakas ng loob ay magpursige rin.
12. Sa linyang ito na *"Ang mundo ay isang malaking Quiapo… Maraming snatcher, maagawan ka… Lumaban ka…"* ni Carmi Martin sa No Other Woman. Alin sa sumusunod ang inilalarawan nito sa isang lugar na nabanggit sa linya?
    A. Masyadong magulong ang lugar ng Quiapo.
    B. Mauunawaang mahirap ang buhay sa paligid ng Quiapo,
    C. Inilalarawan ang sitwasyong kinalalagyan ng Quiapo subalit kailangang magpakabuti.
    D. Iniuugnay sa Quiapo ang isang taong hindi marunong lumaban na maaaring matalo sa bandang dulo.
13. Naging matunog ang linyang ito ni John Arcilla sa kaniyang pelikulang Heneral Luna na, *"Mga kapatid, mayroon tayong mas malaking kaaway kaysa mga Amerikano… Ang ating mga sarili…"* Alin sa sumusunod ang ipinakikitang imahen ng pelikulang ito para sa kasalukuyang idealismo ng mga kabataan?
    A. Ipinakikita lamang nito ang kailangang magkaroon ng inisyatibo sa paggawa.
    B. Isinasaad lamang nito na maging ang sarili ay kilalanin lalo sa labanang kinahaharap sa buhay.
    C. Sinasalamin nito ang mentalidad ng pagtangkilik sa mga gawang dayuhan kaysa sa sariling atin.




**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**


D. Sinasabi rito sa linya na posibleng maging kaaway natin ang ating mga sarili pagdating ng panahon.

14. *“Akala mo lang wala… Pero meron, meron, meron!”* mga linyang tumatak sa pelikulang Pilipino na pinabidahan ni Carlo Aquino sa **Bata-bata Paano Ka Ginawa**. Alin sa sumusunod ang ipinakikita nitong ugali ng mga kabataan?
    A. Sinusuportahan lamang nito ang pagbabago ng kabataan sa kasalukuyan.
    B. Ipinahahayag nito na mayroon ding ideyang maaaring maiambag ang isang kabataan.
    C. Dapat pinakikinggan din ang kabataan lalo na pagdating sa kanilang damdamin.
    D. Ipinahihihawatig nito na may nais sabihin ang kabataan na HINDI pinakikinggan.
15. Alin sa sumusunod na mga linya sa pelikula ang tumutukoy sa kalagayang panlipunan na kinapapalooban ng kahirapan?
    A. “Akala mo lang wala… Pero meron, meron, meron!” - Carlo Aquino
    B. "Kung walang kikilos, sinong kikilos? Kung di ngayon, kailan pa?" - Vilma Santos
    C. “Ang mundo ay isang malaking Quiapo… Maraming snatcher, maagawan ka… Lumaban ka…” - Carmi Martin
    D. “Mga kapatid, mayroon tayong mas malaking kaaway kaysa mga Amerikano… Ang ating mga sarili…” - John Arcilla

***MGA PASKIL SA SOCIAL MEDIA***




*bagsak 1st grading meme - Hanapin sa Google.* (n.d.). Google. Retrieved February 7, 2021, from




*walang kakausap sa'kin sibrang dami kong gawain - Hanapin sa Google.* (n.d.). Google.




*ang sipag maging tamad, ang tamad maging masipag - Hanapin sa Google.* (n.d.). Google.

16. Sa mga larawan na nasa loob ng kahon, alin ang normal na senaryo sa loob bahay kapag kausap ang ina?
    A. Larawan A  B. Larawan B  C. Larawan C  D. Larawan A at C

17. Sa pahayag na “WALANG KAKAUSAP SA’KIN SOBRANG DAMI KONG GAGAWIN. SALAMAT.” Alin sa sumusunod ang isinasaad na damdamin ng paskil?
    A. nagagalit  B. nagtataka  C. nagtatampo  D. nagpapaalala



**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

18. Suriin ang larawan sa kaliwang bahagi, alin sa ang inilalarawan nito sa realidad ng buhay?
    A. Ipinakikita lamang nito ang importansya ng pagtulog.
    B. Inilalarawan lamang nito ang kapaguran ng isang taong nagbabanat ng buto.
    C. Kung ilalapat ito sa pagtatrabaho, ito'y puspusang pagpapahinga pagkatapos ng buong araw na paggawa.
    D. Sa katotohanan ng buhay, inilalarawan nito ang pinagdaanang hirap at pagod sa trabaho upang makapag-uwi ng sapat na panggastos.





*HUWAG AKONG ISTORBOHIN - Google Search*. (n.d.). Google. Retrieved February 7,

19. Suriing mabuti ang paskil na nasa bandang kanan, ito'y paglalarawan ng karaniwang senaryo ng mga pamilya o magulang na mayroong hinanaing subalit mapapansin din sa bubble speech balloon ang isang senaryo na ipinakita nitong nagdaang pandemya. Alin sa sumusunod ang tinutukoy ng usapang ito ng mag-ina?
    A. Aalis ang anak dahil magtutungo sa kaniyang kaklase.
    B. Pinagagalitan ng ina ang anak dahil aalis na naman ito.
    C. Magtutungo sa isang ahensya ng gobyerno upang magtanong sa benipisyong dapat na makuha.
    D. Nagtataka ang ina dahil mayroong bitbit ang anak na bag at hindi alam kung saan patutungo ang anak.





paskil sa social media - Google Search. (n.d.). Google. Retrieved February 7, 2021, from


20. Suriin ang mga trending na paskil sa ibaba, alin sa mga trending na paskil ang hinggil sa pag-ibig at maiugnay sa agham?

A




ang puso ko parang paminta, buo talaga, dinurog lang ng iba - Hanapin sa Google. (n.d.). Google. Retrieved February 7, 2021,

B



hindimo makikita ang taong para sayo - Hanapin sa Google. (n.d.). Google. Retrieved February 7, 2021, from

C



gusto ko siyang kalimutan kaso - Hanapin sa Google. (n.d.). Google. Retrieved February 7, 2021, from

D



kung ikaw ang voltage ko - Hanapin sa Google. (n.d.). Google. Retrieved February 7, 2021, from